

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Humihingi ang Brampton ng patas at napapanahong pondo ng Pederal at Probinsya para i-unlock ang potensyal sa ekonomiya**

### ***Nagbibigay ng input ang Lungsod sa mga 2020 Paunang mga konsultasyon sa Budget ng Pederal at Probinsya***

BRAMPTON, ON (Enero 25, 2020) – Itinataguyod ng Lungsod ng Brampton ang bilang ng mahalagang mga prayoridad bilang bahagi ng 2020 paunang mga konsultasyon sa budget ng mga pamahalaang [Pederal](#) at [Probinsya](#).

Sa araw na ito, sa panahon ng pagpupulong kasama ang lokal na mga Miyembro ng Parliyamto – sina Ruby Sahota, Kamal Khera, Maninder Sidhu, Ramesh Sangha at Sonia Sidhu – Ibinahagi ni Mayor Patrick Brown ang mga detalye ng mga hiling sa budget ng Lungsod sa Pederal. Tinalakay nila ang kahalagahan ng pondo ng pangmahabang panahon na pampublikong transportasyon at ang pangangailangan para sa pagpapatibay ng imprastraktura ng Brampton para matugunan ang mabilis na paglaki ng populasyon. Tinalakay rin ang kahalagahan ng sustainable na mga inisyatiba tulad ng Riverwalk at tinalakay rin ang papel nito sa pagpapababa ng kalubhaan ng klima at pag-aangkop.

Ipinresenta ni Mayor Patrick Brown kay Ontario Premier Doug Ford ang [dokumento ng Pamprobinsyang pagsumite](#) sa isang pagpupulong kahapon (Enero 24). Tinalakay nila ang pinakamahalagang usapin sa Brampton, tulad ng talamak na kakulangan ng pondo sa pangangalagang pangkalusugan at ang pangangailangan ng agarang pondo para suportahan ang pagpapalawak ng Peel Memorial Hospital at ang ikatlong pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan. Wini-welcome rin ni Mayor Brown ang anunsyo sa pagtutustos ng Probinsya ng \$20.5 million sa mga inisyatiba sa kaligtasan at pag-iwas sa krimen ng Rehiyonal na Pulisya ng Peel. Isinama rin sa mga diskusyon sa pagpupulong ang tungkol sa pangangailangan para sa mga CCTV camera sa Highway 410 at Highway 403 para harapin ang krimen sa baril, at ang [kakulangan ng mga resource ng hudikatura sa Provincial Offences Act \(POA\) court house sa Brampton](#).

Hiniling ng Mayor na tatanggap ang Konseho at ang mga Opisyal ng Lungsod ng regular na mga update mula sa pamahalaang Pederal tungkol sa mga prayoridad ng Pederal sa Lungsod, mga kasalukuyang hinihinging badget, at paparating na mga pagkakataon para maakses ang bagong pagtutustos.

Nasa ibaba ang mga highlight ng dalawang mga paunang submisyon sa badget. Makikita ang kumpletong mga dokumento sa [website ng Lungsod](#).

- Ang patas na huwaran ng alokasyon ng pondo na kumikilala at nagpapababa sa mga presyur na nahaharap sa pamamagitan ng mabilis na lumalaking Brampton Transit at Züm transit systems
- Komitment sa pagtutustos para pahabain ang Hurontario-Main St. LRT papunta sa Downtown Brampton GO station, habang patuloy ang trabaho tungkol sa Pangkapaligirang Pagtatasa
- Suporta para sa Riverwalk, isang transpormasyonal na proyekto na mag-a-unlock sa potensyal sa ekonomiya sa downtown Brampton, na inaasahang magdadagdag ng higit sa \$256 milyon sa ekonomiya ng Canada at lumikha ng 2,200 na mga full-time na trabaho
- Agaran, equitable na panustos sa pangangalagang pangkalusugan para wakasan ang “panggagamot sa pasilyo ng ospital” sa Brampton, i-expand ang Phase II ng Peel Memorial Centre, at tustusan ang ikatlong ospital sa Brampton
- Isabatas ang BramptonU at tumulong sa paglikha ng mas maraming pagkakataon matapos ang sekondarya. Ang isang survey ng Mainstreet Research ay nagpapakita na 83% ng mga residente ng Brampton ay gusto ng isang Brampton University
- Taasan ang pagbabahagi ng datos na partikular sa Brampton sa lahat ng antas ng pamahalaan para sa pagkalahatang pamamaraan ng kaligtasan at kabutihan ng komunidad

### **Mga Quote**

“Sa bagong dekada na ito, ilalarawan ang mga lungsod sa kung paano natin patuloy na pinapangasiwaan ang paglago, paglikha ng mga trabaho, at mahusay na pagbibiyaha sa mga tao at paninda. Ang pakikipagtulungan sa ating mga partner sa Pederal at Probinsya ay mahalaga sa pag-secure ng patas, equitable na pagtutustos sa bilang ng mga proyekto na mag-a-unlock sa potensyal sa ekonomiya ng lungsod, Ontario at para sa Canada. Nagpapasalamat ang Brampton para sa mga pamumuhunan kamakailan sa kaligtasan ng komunidad, na nagpapakita na ang patuloy at nagkakaisang mga pagsisikap sa adbokasya ay positibong nag-aabante sa mga prayoridad ng ating komunidad. Inaasahan din natin ang patuloy na suporta mula sa dalawang antas ng pamahalaan para itayo ang ating komunidad sa pamamagitan ng paglikha ng mga pagkakataon sa negosyo, edukasyon pagkatapos ng sekondarya, mabisang pangangalagang pangkalusugan at pagiging abot-kaya nito sa lahat.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

Bawat taon, libo-libo ang pumili sa Brampton bilang kanilang lugar na gustong tirhan, pagtrabahuhan, at paglaruan. Ang ating paglago ay isang nakaka-engganyong kwento na gusto nating mas pagtibayin sa pamamagitan ng suporta ng mga pamahalaang Pederal at Probinsya. Patuloy tayong makilahok sa mga partner ng ating pamahalaan sa mas collaborative na mga inisyatiba na kaayon sa ating Termino ng mga Prayoridad ng Konseho at Bisyon sa Brampton 2040.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at

pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

### **KONTAK SA MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Strategic na Komunikasyon sa  
Media at Pakikilahok sa Komunidad  
City of Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)